

1

Nagliligpit si Rio ng mga pinagkainan sa lababo. Pagod na siya, pero parang hindi pa rin matatapos ang araw na iyon. Nakatira siya sa two-storey ancestral house nila kasama ng kanyang Lola Rose, ang anak nitong si Frank at ang asawa ng kanyang tiyuhin na si Marisa. Kasama rin nila ang bunsong anak ng mga ito na si Rhett. Kapag walang trabaho ang panganay ng mga ito, ang pinsan niyang si Sari, ay umuuwi rin ito roon.

Wala na siyang mga magulang. Nalunod ang mga ito nang minsang sumamang mag-camping sa *Ilog Uno* sa bayan nila. Gabi noon at hindi inaasahan ng mga taong nagkakasiyahan ang pagdating ng baha. Sampu ang magkakasama, isa lamang ang nakaligtas para isalaysay ang nangyari. Kaga-graduate lamang niya noon ng college.

Napabuntong-hininga siya, ayaw na niyang balikan ang panahong iyon. Dangan lamang at lagi niyang naaalala kahit matagal na iyong nangyari, limang taon na ang nakakaraan.

Mabuti pa si Sari, aniya sa isip, naalala ang pinsan. May pamilya pa.

Napakaganda nito, magkasing-edad sila pero malaki na ang kita nito bilang commercial model. Ipinagmamalaki ito ng pamilya nila, lalo na't maraming kumukuha rito para mag-endorso ng mga produktong pampanganda, pampaputi at pangkalusugan. Siya ay nagtatrabaho lamang bilang part-time secretary ni Dra. Millet Lozano na ob-gyne sa bayan.

Ang alam niya ay ikakasal na si Sari sa isang mayamang negosyante. Nakita niya ang larawan ng lalaki na nakakalat sa silid nito nang huling magligpit siya roon. Isinipit niya iyon sa isang libro.

Nag-iisa ang lalaki sa picture, bagay na ipinagtaka ngunit ipinagkibit-balikat lamang niya. Tingin niya ay suplado ito, dominante. Aaminin niyang guwapo rin ito.

Sa aspetong iyon, bagay ang negosyante at ang magandang pinsan niya.

“Kailangan niya ng asawa,” ani Sari. Ipinakita nito sa kanya ang engagement ring na galing sa nobyo. “Na-in love kaagad siya sa ’kin.”

Nasa kuwarta siya noon ng pinsan at sinusubukang i-zipper ang bestida nito na medyo masikip. Napahinto siya sa ginagawa at hinagip ang mga mata nito sa salamin.

“Paano si Duane?” Si Duane Villanueva ang steady boyfriend ni Sari at kahit paano ay natitiyak niyang may pagtingin dito ang babae.

“Tingin mo pakakasalan ako ni Duane? Ang gusto ng mga magulang niya ay matimtimang babae, Rio. Pasensya na lang, pero hindi ako iyon,” masungit na saad nito. “Hindi ko na kayang maghintay. Hindi habambuhay ang pag-aartista. Bilisan mo na iyan.”

Itinuloy niya ang pagtataas ng zipper sa likod ng bestida nito. Humarap ito sa kanya pagkatapos.

“Si Marc Verdadero ang pakakasalan ko. Gusto kong tumira sa mansion niya. Marami siyang bahay na puwede kong pagpilian, kahit sa ibang bansa ko pa gustuhin. Hindi ko na palalampasin ang pagkakataong ito.”

“Kailan... kailan n’yo balak magpakasal?”

“Huwag kang mag-alala, magpapaalam naman ako nang maayos kay Duane.”

Napadiin ang pagkuskos ni Rio sa kawali nang maisip kung anong klaseng ‘pagpapaalam’ ang tinutukoy ni Sari. Halos gabi-gabi kasi mula nang umuwi ito noong isang linggo ay lumalabas ito kasama ni Duane. Tila walang alam ang mga magulang at kapatid nito sa nangyayari at ayaw

naman niyang kalabanin ang pinsan.

Ano kaya ang gagawin ni Marc Verdadero sakaling matuklasan nito ang pinaggagagawa ng fiancée nito?

Ang pamilya ni Duane ang may-ari ng pinakasikat na resort sa bayan nila. Maaaring sunod nito ang luho ni Sari, pero tila wala nga itong balak na seryosohin ang pinsan niya. Pero siya ang natatakot sa apoy na nilalaro ng babae.

Sa talim at ningas ng mga mata ni Marc sa larawang nakita niya, duda niya kung ito ang tipo na marunong magpatawad.

Ngunit iba ang suwerte ni Sari. Walang makatanggi rito dahil talagang napakaganda nito.

Kapag may oras na napapatingin siya sa salamin, hindi niya alam kung maaawa siya sa sarili dahil napakaordinaryo niya kumpara rito. Maraming nagsasabi na magandang lalaki ang papa niya, at hindi lang iilan ang nagkomento kung gaano kaganda ang kanyang mama, pero hindi niya mabakasan ang sarili ng pagiging kaakit-akit. Siguro ang maipagmamalaki lang niya ay ang mahaba niyang buhok na light brown ang natural na kulay. Halos umabot iyon sa itaas ng kanyang mga siko.

Nang may kumatok sa side entrance ay napatigil siya sa pagsasalansan ng mga plato at napalingingon sa pinto. Wala siyang inaasahang bisita. Kani-kanina pa umalis ang pinsan at wala itong ibinilin na may darating na panauhin. Tinuyo niya ang basa-basang mga kamay sa kalapit na hand towel bago tinungo ang pinto para buksan iyon.

“Magandang gabi.”

Napaatras siya nang mapagsino ang kaharap. Si Marc Verdadero! Namilog ang mga mata ni Rio at parang nalunok niya ang dila habang nakatingin dito.

“Ah, g-good evening,” kinakabahan niyang sabi. “Pasensya na, Mr. Verdadero, pero umalis kasi si Sari.”

Napakunot-noo ang lalaki, naningkit ang mga mata nito habang nakatingin sa kanya. “Kilala mo ako? Nasaan si Sari?” parang hari nitong tanong.

Dama niya ang panginginig ng mga daliri niyang nasa seradura ng pinto. Hinigpitan niya ang hawak doon.

“M-may kausap siyang kliyente, kaya lang hindi ko alam kung saan,” pag-iimbento niya. “G-gusto mo bang tumuloy?”

Dere-derecho itong pumasok sa loob ng bahay,

di sinagot ang tanong niya.

“Hindi mo talaga alam kung saan ko siya puwedeng hanapin?”

“Hindi.” Napalunok siya. “Gusto mo ba ng juice o kahit tubig?”

“Si Sari ang gusto ko,” ang tila asar nitong sagot.

Nahigit niya ang hininga. “Di sana sinabi mo sa kanya na darating ka. Para nabali niya iyong appointment niya para sa ’yo. Para naabutan mo siya.”

Sukat doon ay saglit itong natigilan at napatingin ulit sa kanya mula sa pagmamasid sa kabuuan ng dining hall.

“Sino ka?”

“Ako si Rio, pinsan ko si Sari.” Matalim na ang mga mata niyang nakatingin dito.

May ngiting naglalaro sa mga mata ng lalaki na nakatuon ngayon sa kanya. Inilahad nito ang kamay.

“Marc.”

“Alam ko.” Hindi niya tinanggap ang pakikipagkamay nito. “Alam ko din na si Sari ang gusto mo, pero baka gusto mo ring maupo,” anyaya niya. Itinuro niya ang kalapit na upuan.

Nakita niyang tumaas ang sulok ng mga labi nito. Lumapit ito sa isang silya at naupo roon, patagilid sa kanya. Kahit nakaupo ito, pakiramdam niya ay okupado pa rin nito ang buong kabahayan. Parang hindi siya makahinga.

“Hindi ako nagmamadali. May binili akong resort dito at naisipan kong dumaan na rin pagkagaling ko d’un. Gabi na, ah. Sadya bang inaabot ng ganitong oras sa labas si Sari?” usisa nito.

Napatingin siya sa orasan sa dingding; mag-alas onse na. Kanina pa pala siya nagliligpit. Kaya pala parang wala na siyang lakas. Kanina pa tulog ang mga kasama niya sa bahay.

“Balak mo palang sorpresahin siya,” malumanay nang sabi niya. “Pasensya na, ikaw tuloy ang nasorpresa. Hindi mo dapat inaasahan si Sari sa ganitong mga bagay.”

“Bakit ganyan ang tono mo?” May paninita sa tinig nito.

“Ang tono ko?” taka niyang tanong.

“Parang hinuhusgahan mo kasi ang pinsan mo. Bakit? Naiinggit ka ba sa kanya?”

“Naiinggit? Bakit naman ako—”

“Dahil maganda siya,” malamig na saad nito.

Sukat doon ay napipilan si Rio. Parang may literal na sumampal sa kanya. Pakiramdam niya ay may pumiga sa kanyang puso hanggang sa maging abo iyon at liparin ng hangin sa harap niya.

Hindi siya makahinga. Naghahalo ang hinanakit at galit sa loob niya. Sino ang lalaking ito para hamakin siya? Tila nabasa nito ang tanong sa kanyang isip.

“Patawad. Hindi ko dapat sinabi iyon.”

“Ayos lang. Sinabi mo lang ang totoo. Gusto mo ng tubig?” alok niya ulit. Siya ang kailangang uminom.

Tumango ang lalaki. Tinungo niya ang refrigerator at kumuha ng pitsel ng malamig na tubig buhat doon. Ang side entrance kung saan ito dumaan ay derecho sa kusinang iyon. Mabuti na lang at tapos na siyang magligpit. Hindi siya inabutan nito na nangangatulong doon. Baka napagkamalan pa siya nitong atsay. Lumapit siya sa dish sterilizer at naglabas ng dalawang baso. Sinalinan niya iyon pareho ng tubig.

“Hindi ko siya ma-contact sa cellphone niya,” saad ni Marc pagharap niya.

Ipinatong niya ang isang baso ng tubig sa mesa sa tabi nito.

“Naiwan niya sa kuwarto. Balak mong hintayin si Sari kung ganoon?” tanong niya.

“Oo, kung okay lang sa ’yo,” kubit-balikat nitong sagot.

Ano pa nga ba? Alangang matulog siya at iwan ang dakila nilang bisita.

“Tama ka. Dapat ipinaalam ko na lang sa kanya na pupunta ako. Hindi ka sana napuyat nang ganito,” anito pagkuwan.

Hindi siya sumagot. Ininom niya ang tubig niya sa basong hawak at sumandal sa gilid ng ref.

Paano kung ihatid ni Duane si Sari? Ang alam niya ay parating na ang dalawa, pero para lang makapagpalit ang pinsan dahil may pupuntahan pang sayawan ang mga ito. May kaibigan ito na ikakasal bukas at may handaan sa partido ng babae ngayong gabi.

“Kung bumalik ka na lang kaya bukas?” tanong niya.

“Matutulog ka na ba?”

“Hihintayin ko pa si Sari,” tugon niya. Kaysa matulog siya at maabala lang pag dumating ito.

“Kung gan’un, maghihintay na lang ako kasama mo.”

“Baka mainip ka lang,” patuloy niya.

Sarkastiko ang ngiting gumuhit sa mga labi nito.

“Tingin mo? Matagal na kasi kaming hindi nagkikita ng pinsan mo. At dahil engaged na kami at hindi ako ang tipong nagtataksil, limitado na ang aktibidades ko pagdating sa babae. Kaya maiintindihan mo naman siguro kung bakit di na ako makapaghintay na makita siya,” nakakalokong turan pa nito. “May alam ka ba sa ganoong klase ng damdamin, ha, *Rio*?”

Bastos!

Batid ng dalaga na namumula ang mukha niya. Lumapit siya sa lababo at ibinuhos doon ang tubig na parang gusto niyang ihilamos sa nag-iinit na mga pisngi. Hinugasan niya ang baso at ipinatong iyon sa lababo.

Hinarap niya ito. “Maaaring hindi ako maganda kagaya ng pinsan ko. Pero hindi rin ako pangit, *Marc*,” gagad niya sa tono nito at paggamit sa palayaw niya.

“May nobyo ako,” pagsisinungaling niya.

“Talaga?” Umarko ang mga kilay nito.

“Talaga. At napapansin kong kanina mo pa ako iniinsulto.”

“Hindi ko intensyon na insultuhin ka.” Tinitigan siya nito. Pinigilan niyang mapapikit, para kasing hinuhubaran siya ng kausap. “Pero siguro nga, mas gusto ng ibang lalaki ang init na kayang ibigay ng isang tulad mo. Parang ang sarap halikan ng mga labi mo. Kapag naturuan ka nang tama, may laban ka.”

“So, ayos lang kahit hindi ako maganda, gan'on?”

“Puwedeng patay ang ilaw pag nagtatalik ang dalawang tao. Maniwala ka, hindi n'yo kailangang magtitigan.”

Wala ba itong kahihyan? At bakit umabot sa ganoon ang usapan nila? Nangangatal na siya sa mga pinagsasabi nito. Pero kakatwang hindi siya na-offend sa diskurso nila. Muling namula ang mukha niya.

Bakit ba kasi wala pa si Sari? Siya tuloy ang napagtripan ng fiancé nito. Frustrated lang ito dahil wala ang pinsan niya at gaya nga ng sinabi nito, matagal na itong walang babae.

Kapag pumupunta si Duane Villanueva rito sa bahay at kinakausap siya ay iba ang epekto sa kanya. Samantalang halos pareho lang naman ang topic na binubuksan nito at ni Marc. Kapag si Duane ang nagsasalita, kulang na lang ay busalan niya ang bibig nito para tumahimik ito. Ang hindi niya maintindihan ay kung bakit sa kabila ng pagkaalam nito sa katotohanang hindi pa siya nagkaka-boyfriend ay ganoon pa ang usapin na gustong uriratin sa kanya ni Duane.

“Magtatagal ka ba dito sa bayan? D’un ka ba matutulog sa bagong biling resort mo?” pag-iiba niya ng usapan.

“Hanggang ngayong weekend lang ako puwede, kaya kailangan ko nang makita si Sari ngayong gabi. May merger akong aasikasuhin sa New York at may isang buwan akong mawawala para matapos ang lahat ng kailangan kong ayusin doon. Puwede kong isama si Sari, parang honeymoon na rin namin, pero duda ako kung matutuwa siya na negosyo ang aatupagin ko pagdating doon. Palagay ko rin, tamang-tama ang panahong ito na nasa ibang bansa ako para matapos niya ang paghahanda para sa kasal namin. Para pagbalik ko, kasal na lang ang aasikasuhin.”

“Sabagay,” walang buhay niyang tugon. Pinilit

niyang ngumiti upang mapagtakpan iyon.

“Nakakuha na ako ng marriage license. Tingin mo matutuwa siya?”

“Oo naman.” Hindi niya alam kung bakit parang nanlumo siyang lalo. Pagod lang siguro siya.

Noon niya narinig ang tunog ng takong ni Sari sa sementadong garahe sa labas, kasabay ng malamyos na pagtawa nito. Nauulinigan din niya ang mababang boses ni Duane, parang nanunukso. Mabilis ang mga hakbang na tinungo niya ang pinto para pagbuksan ang pinsan. Hindi niya alam ang gagawin sakaling sumunod ang bisita.

“Nandito si Marc Verdadero,” aniya bago pa nakapasok ang mga bagong dating.

Patay ang ilaw sa garahe kaya hindi niya nabanaag ang reaksyon ng dalawa. Pero dagling nakabawi ang pinsan niya. Bago pa siya nakapagsalita ulit ay nakapasok na ito at nakayakap na sa ‘nobyó’.

“Honey! Sinorpresa mo naman ako. Kanina ka pa ba? Nainip ka ba?” sunud-sunod nitong sabi.

Parang tuod na nakamasid lang siya habang mainit na hinalikan ng bisita ang pinsan niya.

“Medyo. Pero nandito ka na.” Banayad ang

pagkakasabi niyon, pero nakatitig ngayon si Marc sa lalaking kasamang dumating ni Sari.

“Mabuti na lang pala may date si Rio at si Duane ngayong gabi, pinilit niya ako na umuwi na dahil baka raw mainit na ang ulo ni Rio sa paghihintay.” Lumapit ang binanggit nitong lalaki. “Marc, meet Duane, boyfriend ni Rio. Duane, this is Marc, my fiancé,” nakangiti pang saad ni Sari.

Tigagal si Rio. Bago pa siya nakahuma ay binalingan na siya ng pinsan.

“Huwag mong sabihing nakalimutan mo ang *date* n’yo?” Pinanlakihan siya nito ng mga mata, parang sinasabi na ‘makipaglaro’ siya.

Nang hindi siya sumagot ay sinalo ni Duane ang usapan. Hinagip siya nito at pinagdikit ang kanilang mga balakang. Sa tangkad at lakas nito ay wala siyang laban.

“Babe, mabuti pa magbihis ka na at hinihintay na tayo ni Alma,” tukoy nito sa babaeng ikakasal. “O, baka gusto mong samahan pa kita sa itaas para magbihis.” Hinuli nito ang mga mata niya. Nang magtagumpay ito ay bigla nitong hinalikan ang mga labi niya. “Kumilos ka na.”

Sa ginawa nito ay nagpupuyos ang loob na

sumagot siya. “Ayoko nang pumunta. Pagod ako,” matigas niyang sabi.

Nagkibit-balikat ang lalaki. “Kung gan’un, ihatid mo na lang ako sa gate. Kailangan din nating bigyan ng privacy ang pinsan mo at ang bisita niya.” Hinaplos pa nito kunwa ang maputi niyang braso. “Mabuti pa sa resort ka na lang ulit matulog. Mamasahihin kita gaya ng gusto mo para mawala ang pagod mo.”

“Hindi na,” malamig na tanggi niya. “Sasamahan na lang kita sa gate.” Nararamdaman niya ang kaaliwang nakukuha ni Duane sa pagkaasiwa niya at nais niyang sampalin ang mukha nito. Pinilit niyang kalmahin ang sarili at palisin ang anumang ekspresyon sa kanyang mukha.

Nang mapatingin siya kay Marc ay nadurog siya sa galit at panunuyang rumehistro sa mukha nito. Natitiyak na niya kung ano ang iniisip nito tungkol sa kanya.

2

Pagkaalis ni Marc kinagabihan ay pinuntahan ni Sari si Rio sa kanyang silid.

“Rio, kailangan mo akong tulungan. Iyon lang ang paraan na naisip ko kanina.” Walang paumanhin sa tinig nito.

“Ang gusto mo, eh, tulungan kitang lokohin si Marc Verdadero. Ayoko.”

“Ano ngayon sa ’yo kung gan’un nga?” Tumaas ang boses nito, bago tila naalala na tulog na ang mga kasama nila at binawasan ang tinis niyon. “Huwag mong sabihin sa ’kin na na-in love ka kaagad sa nobyo ko?” pasaring nito.

“Sino sa dalawa? Iyong mayaman o ’yung mas mayaman?” ganti niya.

Tila napahiya ito pero kaagad ding nakabawi. “Malay ko. Tingin ko nag-enjoy ka sa paghalik ni Duane.”

“Puwede ba?” Nagpantay ang malalambot niyang labi sa inis.

“Matagal din kayong nag-usap ni Marc. At alam

mo na siya ang tinutukoy ko,” anito.

“Alam mo, Sari, gusto ko nang matulog. At kung ikapapanatag ng loob mo, hindi ako magkakamaling magkagusto sa isang lalaki na malabong tumingin sa ’kin kung di rin lang kailangan.” Padabog niyang inayos ang kanyang unan, nais ipaalam dito na kung maaari ay lumabas na ito upang makapagpahinga na siya. “Mag-ingat ka lang, dahil kung alam ng Marc na iyon ang nangyayari, sigurado akong bibitawan ka niya na parang mainit na uling.” Nahiga na siya at mabilis na hinigit ang kanyang kumot hanggang baywang.

“At paano mo alam? Akala mo hindi maloko sa babae ang isang iyon? Praktikal akong tao, Rio. Hindi puwede sa ’kin ang double standard na pamantayan ng maraming lalaki.”

“Bahala ka.” Pumikit na siya. “Pakipatay ng ilaw bago ka lumabas,” pakisuyo niya.

Nang tila matiyak na hindi na siya mapipilit na makipag-argumento ulit ay lumabas na si Sari. Naalala niya ang pag-uusap nila ni Duane...

“*Bakit lumalapit ka pa rin sa pinsan ko, Duane? Alam mong ikakasal na siya.*” Nasa labas na sila ng gate noon, malapit sa sasakyan nito.

Natatawang napailing ito. Napaangat ang tingin niya sa boyish nitong mukha. Wala roon ang tatag ng karakter na nakita niya kay Marc. Bakit nagtitiyaga rito ang pinsan niya gayong handa itong pakasalan ng isang matinong lalaki?

“Ngayon ko lang nalaman,” sa halip ay tugon nito.

“Nalaman ang alin?”

“Masarap ka palang halikan. Gusto mo ng tutorials? Palagay ko pagkatapos ng basics, may pantapat ka na sa pinsan mo.”

“Tigilan mo nga ako,” angil niya.

“Malambot din ang katawan mo, para kang maliit na anghel. Ang sarap mo sigurong mahalin at alagaan,” patuloy nitong pang-aalaska.

“Si Sari ang pinag-uusapan natin.”

“Lilinawin ko lang, Rio. Maaaring inosente ka sa mga nangyayari sa pagitan ng isang lalaki at isang babae pag sila lang ang magkasama, pero hindi ang pinsan mo. Kahit sabihin mo pang ikakasal na siya, nasa kanya pa rin ang pasya. Hindi ko siya pinipilit.”

“Kung talagang gusto mo siya, kung mahal mo siya, bakit hindi mo siya ipaglaban? Nakikita kong gusto ka rin niya.” Pakiramdam niya ay nagsasayang

lang siya ng oras sa pakikiusap.

“Kayang lusutan ni Sari ang mga problema niya, Rio. Hindi niya tayo kailangan,” malungkot na pahayag nito bago ito pumasok sa kotse at pinasibad iyon.

Napabuntong-hininga siya habang pinapanood ang papalayong sasakyan nito. Nayakap niya ang sarili dahil sa lamig ng hanging dumaan. Malapit na yatang magmadaling-araw. Sumisigaw na ng tulog ang buo niyang katawan.

Pagtalikod niya para pumasok sa gate ay napaatras siya dahil may lalaking nakasandig doon. Si Marc.

“Si Sari?” tanong niya matapos lumunok.

“Sinabi kong matulog na siya at huwag na akong ihatid dito sa labas.”

“Papasok na rin ako. Ingat ka sa pagmamaneho, Mr. Verdadero.”

Umalis ito sa pagkakasandal sa tarangkahan pero hinawakan nito iyon, dahilan para hindi niya maitulak pabukas.

“Matagal mo na bang kilala si Duane?”

“Matagal na rin.” Taal na tagaroon ang pamilya ni Duane. At kahit noong hindi pa ito dinadala ni Sari

sa bahay ay kilala na ito ng kanilang pamilya dahil isa ang angkan nito sa pinakatanyag sa lugar nila.

“Sigurado ka bang siya ang lalaking gusto mong makasama? Hindi kaya napipilitan ka lang dahil siya lang ang nagpakita ng interes sa ’yo?”

“Ano ba’ng—”

“Alam kong wala akong pakialam kung gusto mong sirain ang buhay mo. Pero sa nakikita ko, at batay sa kuwento ni Sari, wala ka nang mga magulang para payuhan ka. At dahil magkasing-edad lang kayo, hindi mo rin daw gusto na pinakikialaman ka niya. Pero dahil magiging magkamag-anak na tayo, sana huwag mong masamain ang sasabihin ko. After all, nakiusap ang pinsan mo sa ’kin kaya ko lang gagawin ito.”

“Hindi ko kailangan ang opinyon mo,” nanggigigil na saad niya.

“Nevertheless, pakikinggan mo pa rin ako. Gaya ng pareho nating alam, Rio,” diin nito sa pangalan niya, “hindi ka pangit. Marunong ka sa bahay, nakita ko iyon kanina. Sa pagod sa mukha mo, alam kong naglilinis ka bago ako dumating. Hindi lang magandang asawa ang kailangan ng isang lalaki. Kung ipapakita mo ang mga katangiang binanggit ko, pauunlarin ang mga iyon, makakahanap ka ng lalaking higit pa kay

Duane,” litanya nito.

Pakiramdam niya ay nagsalita ito nang ganoon kahaba para huwag na itong mapilitang pakiharapan siya o kausapin kahit kailan.

“Sige, nagpapalitan na rin lang tayo ng opinyon, bakit hindi mo rin pakinggan ang sa ’kin? Bakit ang pinsan ko pa ang pinili mong pakasalan? Marami ka sigurong ibang kakilala, mayaman, mas maganda, mas—”

“Paano kung sabihin ko na ayaw nila sa ’kin?”

“Pareho nating alam na hindi iyan totoo.”

Sukat doon ay sumilay ang mapanuyang ngiti sa mga labi nito. “Ganoon ba ako kaguwapo sa tingin mo?”

“Ganoon ka kayaman sa tingin ko. Di ba, sabi nga, ang mga lalaki raw, ang hanap ay magandang mapapangasawa. Ang mga babae, mayayamang lalaki kahit medyo matanda na.” Pagkatapos niyon ay itinulak niya ang gate, kesehodang masaktan ito, at walang lingon-likod na pumasok sa kanilang bakuran.

Sabado, maagang umalis sakay ng inarkilang sasakyan ang mga magulang ni Sari kasama ang

kapatid nitong si Rhett, pati ang kanilang Lola Rose. May natanggap na tawag ang Tito Frank niya na biglang nanghina ang nag-iisang kapatid na lalaki ng abuela na nakatira sa Mindoro. Dahil summer vacation ng third year high school na si Rhett at retirado na ang tito niya ay masasamahan ng mga ito ang matanda. Ang tita niya ay sadyang hindi nakaranas magtrabaho.

Malamang daw ay magtagal ang mga ito sa Mindoro ng isa hanggang dalawang linggo.

Nagtataka man na walang binanggit na anuman si Sari tungkol sa pagdating ng 'noby' nito kinagabihan ay itinikom na lamang ni Rio ang bibig. Duda niya kung may alam ang mga magulang nito na malapit na itong ikasal.

Pagkaligpit ng mesa ay naghanda na siya para magtungo sa klinika ni Dra. Lozano at magtrabaho. Nursing ang kurso niya noong college, hindi na nga lang siya nakapag-exam para maging registered nurse.

Nakiusap ang tiyahin na tumulong na lamang siya rito sa pag-aalaga sa kanyang lola, sa pag-aayos sa kanilang bahay, sa araw-araw na gawain. Dahil bihira ang mapagkakakitaan sa lugar nila, at wala siyang puhunan upang magtungo sa lungsod upang

magtrabaho roon gaya ni Sari, pumayag na rin siya.

Ayon kay Dra. Lozano, midwife pa lamang ito noong ipinagbubuntis siya ng kanyang ina. Ito umano ang nagpaanak sa mama niya. Malapit daw ito sa kanyang ina at ninang ng manggagamot sa kasal ang lola niya. Kinakapatid ito ng papa niya at ng Tito Frank niya.

Dalawang taon nang yumao ang mga magulang ni Sari nang mabalitaan nito ang nangyari. Matagal kasi itong nanirahan sa London bilang nurse, kahit naging doktor ito sa Pilipinas. Nang bumalik ito sa bayan nila ay nakiusap ito sa lola niya na kukunin siyang sekretarya at nursing aide sa klinika nito. Natuwa naman ang matanda. Nalulungkot nga raw ito dahil hindi niya nagagamit ang pinag-aralan.

Kahit paano ay nakadama siya ng tuwa, ng silbi. Kaya bagaman part-time lang ang trabaho niya sa maternity ward ng doktora ay mahal niya iyon at pinahahalagahan. May regular nurse ito na kasama roon na nagsisilbi ring sekretarya nito kapag wala siya, ang best friend niyang si Karin.

Parang napakabagal ng maghapon. Naiirita si Rio dahil hindi maalis sa isip niya si Marc. Hindi niya maipaliwanag ang inis na nadarama rito o ang galit nito sa kanya.

Pagdating niya sa bahay ay wala pa si Sari. Ang alam niya ay sinundo ito ng mas mayamang nobyo para magtungo sa bagong bili nitong resort. Umakyat siya sa silid niya para magpalit. Pagbaba niya ng hagdanan, napahiya siya nang maabutang naghahalikan sina Marc at Sari sa sala.

Nakapalibot ang mga kamay nito sa pinsan niya, hinahagod ang likod nito habang tinutuksu-tukso ang mga labi. Napalunok si Rio, alam niyang nag-aapoy ang mukha niya. Wala pang humalik sa kanya nang gaya ng ginagawa nito.

Tila naramdamang may nanonood dito, nag-angat ng tingin si Marc at nagtama ang mga mata nila. Alam niyang nahagip nito ang pagkadismaya at disgusto sa kanyang mukha. Napalingon si Sari na nakatalikod sa kanya at umikot ang mga mata nito.

“O, dumating ka na pala, Rio,” walang ganang sabi nito.

Walang imik na dumerecho siya sa dirty kitchen. Nilampasan lang niya ang dalawa.

“May kukunin lang ako sa itaas,” narinig niyang paalam ni Sari sa lalaki.

Pagdating sa breakfast hall ay tila nahahapo na napaupo siya sa isang bench doon. Habol niya ang

hininga na para bang isang kilometro ang tinakbo niya. Bihirang isinasara ang pinto roon at nagulat si Rio nang biglang iluwal ng pintuan si Marc.

Mahigpit nitong hinawakan ang magkabilang braso niya at itinayo siya. Napakalapit ng mga mukha nila sa isa't isa.

“Wala kang karapatang tumingin sa 'kin na parang malaking kalaswaan ang ginawa ko,” mariin nitong saad.

At bago pa niya napabulaanan ang paratang nito ay marahas na nitong inaangkin ang mga labi niya.

Lalo siyang pinangapusan ng hininga. Halos brutal ang hawak-yapos nito sa kanya, hindi na ito kontento sa pang-iinsulto sa kanya gamit ang salita. Kailangan pa talagang iparamdam sa kanya ang kaibahan ng paghalik sa babaeng minamahal at sa babaeng tinuturuan lang ng leksyon. At talagang nasasaktan siya.

Tumigil ito sa paghalik sa mga labi niya, ngunit upang muli lamang kuyumusin ang mga iyon, mas mariin, mas mapagparusa. Sinubukan niyang itulak ang lalaki, pero lalo lang humigpit ang paghawak nito sa kanyang mga braso.

Nang tumawid ang init mula sa katawan nito,

naalarma siya nang husto. Sa takot ay nanghina ang buong katawan niya, nawalan ng lakas na pangsuporta ang mga tuhod niya at natagpuan niya ang mga kamay na humahanap ng makakapitan—ang mga balikat nito.

Narinig niyang umungol ito at nangingig ang katawan niya. Habang pinipilit na isaisantabi ang abilidad nito sa larangang iyon, iniisip niya kung ang nararamdaman ba niya ang tinatawag na pagnanasa. Hindi siguro. Parang gusto kasi siyang patayin nito sa galit.

Itinigil nito ang paghalik sa kanya, ngunit tumanggi pa rin itong pakawalan siya. Nakita niyang lalong nagningas at tumingkad ang buhay na buhay nitong mga mata habang nakatitig sa kanya. Tila hirap ang paghinga ng lalaki nang magsalita.

“Kasalanan mo ang nangyaring ito,” sumbat nito.

“Wala akong pakialam kung ano’ng ginagawa n’yo ni Sari pag akala n’yo ay walang ibang tao sa paligid, kaya ’wag mong isisi sa ’kin kung nasaling iyang pagkalalaki mo.”

“Talaga? Wala kang pakialam? Kaya ba kung makatingin ka kanina ay parang matinding kahalayan iyong ginagawa kong paghalik sa kanya? Ano’ng

pakiramdam n'ung ikaw ang nasa katayuan niya? Nagustuhan mo ba?"

"Nagustuhan? Ang kapal din talaga ng mukha mo, ano!"

"Oo nga naman. Bakit ko ba naisip na bago sa 'yo ang bagay na iyon? Baka nga sobra pa ang ginagawa n'yo ni Duane. Pumunta siya sa resort ko kanina at ngayon naniniwala na ako sa mga sinabi niya tungkol sa 'yo. Sayang, akala ko pa man din ay puro yabang lang ang lalaking iyon."

"A-ano'ng sinabi niya?" Nanlaki ang ulo niya.

"Hah! Madaldal ba talaga ang isang iyon? Kung di ako nakapagpigil ay baka nabigwasan ko ang pagmumukha niya. Hindi ka ba marunong makahalata? Ayaw na niya sa 'yo. Ginagawa na raw niya lahat ng paraan para layuan mo na siya. Iyon ang dahilan kaya nagpahuli siya sa date n'yo kagabi. Pinilit lang siya ni Sari na pumunta dahil naaawa sa 'yo ang pinsan mo."

Namutla siya sa narinig. "H-hindi niya sinabi iyon."

Binitiwang siya ng lalaki at napaupo siyang muli sa bench. Napasandal siya sa gilid ng breakfast table sa likuran niya.

“Naiintindihan ko na ngayon ang concern ng pinsan mo. Hindi ko nahalata n’ung una tayong nagkaharap. Iniisip ko talaga na wala pang kahit na sinong lalaki na nakahawak sa ’yo. Pero base sa pagtugon mo sa halik ko, sa sinabi ng nobyo at pinsan mo, mahirap pala talagang manghawak sa akala. Ayusin mo ang buhay mo, Rio. Kalimutan mo na si Duane. Hindi siya handang panagutan ang isang babaeng napakialaman na ng iba.”

Napatitig siya rito, parang matinding haplit sa katawan niya ang lahat ng sinabi nito. Bakit hindi niya maitatwa ang lahat ng kasinungalingang hinabi ng pinsan niya at ni Duane? Ano ba ang mapapala niya kung pagtatakpan niya ang dalawa?

“Kaya ko ang sarili ko,” matipid niyang tugon.

Ano ngayon kung masamang babae ang tingin sa kanya ng lalaking ito? Kung malalaman ba nitong inosente siya, mababaling ba sa kanya ang pagtingin nito? Natawa siya nang pagak sa naisip. Bakit naman niya nanaisin iyon? Iniiwas niya ang mga mata upang ikubli ang sakit na nadarama.

“Palagay ko nga. Kung di lang ako ikakasal sa pinsan mo, kanina pa may nangyari sa ’tin. Gusto mo bang malaman ang isinisigaw ngayon ng katawan ko?”

Dapit-hapon na, at malamlam na ang liwanag na nanggagaling sa kusina. Mabuti na rin iyon upang maikubli ang pag-iinit ng mukha niya.

“Sarilinin mo na lang ang lahat ng gusto mong sabihin sa susunod. Wala kang karapatan na pagsalitaan ako na para bang mababang uri ako ng babae,” gigil niyang saad.

“Bakit? Hindi ba totoo?” nakangisi nitong tanong bago siya iniwan.

“Wala ka bang trabaho ulit ngayong linggo? Bakit hindi ka lumuwas?” usisa ni Rio. Kararating lang niya galing sa clinic at naabutan niya pa rin ang pinsan sa silid nito.

“Aalis kami ni Duane,” tahasang pag-amin nito.

Ibang klase ang excitement na nababasa niya sa mga mata nito. Kung maaari lang ay ayaw na niyang malaman kung bakit, pero mukhang desidido ang pinsan na ipaalam sa kanya.

“Magbabakasyon kami sa Thailand. Palagay ko, aayain niya akong mag-tour somewhere else pag nand’un na kami.”

Napapasok siya sa kuwarto ni Sari nang marinig

ang sinabi nito. Kaya pala nag-eempake ito.

“Sari—”

“Huwag mo akong ma-lecture-an diyan tungkol kay Marc, okay? As you well know, aalis siya ngayon papuntang US at may isang buwan siyang magtatagal d’un.”

“Tingin mo hindi niya malalaman na umalis ka?”

“Hindi niya malalaman kung hindi mo sasabihin. I’ll turn off my phone. Kung tawagan ka niya, sabihin mo na nand’un ako kay Lolo Filo, sumunod ako kina Mommy. Walang signal d’un, right? Wala ring telepono. So there!”

“Sari, bakit mo ba ginagawa ito? Ikakasal ka na. Unfair ito kay Marc.”

“Tumahimik ka nga! Naiinis ako sa kasobrahan mo. Palibhasa hindi ka pa nagkaka-boyfriend. Hindi mo kilala si Marc, kaya ’wag kang maawa para sa kanya. Pag kasal na kami, siguradong pipigilan na niya ako sa mga gusto kong gawin. Hindi siya iyong charming at sweet na lalaking nakaharap mo.”

Charming? Sweet? Ang ahas na iyon?

Pero namula pa rin siya sa ipinakahulugan ni Sari.

“Kung ganyan pala ang nararamdaman mo, bakit pakakasalan mo siya?”

“Ganyan ka ba talaga ka-naïve, Rio? Ayokong magtrabaho habambuhay! Buhay reyna ako pag naikasal na kami ni Marc. At maniwala ka sa ’kin, pagbabayaran ko sa kama ang lahat ng ibibigay niya.”

Gusto niyang maduwal sa paraan ng pagkakasabi nito. Nanginig siya nang maalala ang ginawang paghalik sa kanya ni Marc, ang pagnanasa sa mukha nito nang bitawan siya.

“Pera lang ba ang mahalaga sa ’yo, Sari? Alam kong mahal mo si Duane.”

“Puwes, mas mahal ko ang pera ni Marc. At hindi ko mahal si Duane. Magkasundo kami sa ibang bagay, na baka ikahimatay mo pag sinabi ko sa ’yo. Isa pa, tumatanaw lang ako ng utang na loob dahil tinulungan niya akong mag-umpisa sa career ko.”

“Ang s’abi ni Marc, hindi na raw siya tumingin sa ibang babae mula nang makilala ka niya.” Hindi eksaktong ganoon ang sinabi ng lalaki, pero baka makatulong iyon upang hindi na ituloy ni Sari ang pag-alis.

“Kelan ba kami nagkakilala? Two months ago lang iyon, Rio. Tingin mo parusa na iyon kay Marc?”

Baka nagsawa na siya sa pambababae kaya tumigil muna. Hindi siya ang tipong magtitiis kung may gusto rin lang siya, ano!”

“Sabihin mo na lang sa kanya na nagbago na ang isip mo at hindi mo na siya pakakasalan,” sumusuko nang sabi niya.

“Hindi ko kailangang gawin iyon. Ang hinihiling ko lang naman sa ’yo, eh, sabihin mo kay Marc na sumunod ako kina Mommy sakaling tumawag siya. Na malabo niyang gawin dahil busy siya. Hindi niya malalaman kung tutulungan mo ’ko. Three days lang kami sa Thailand, Rio, huwag kang masyadong problemado,” inis na sabi nito.

“Akala ko ba magto-tour pa kayo sa ibang lugar?”

“Hindi pa iyon sigurado.”

“Sari, puwede bang kalimutan mo na lang iyang plano n’yong pag-alis ni Duane?” pakiusap niya.

“Gaano ba kalinis iyang konsensya mo’t pati si Marc na wala namang pakialam sa ’yo ay parang ayaw na ayaw mong masaktan? At duda ako kung masasaktan ang taong iyon.”

Sa narinig ay para siyang binuhusan ng malamig na tubig. Tama. Walang pakialam ang dalawa na siya

Temporary Wife - Carolyn Weber

ang naiipit sa ‘paglalaro’ ng mga ito. Na nasasaktan nga siya sa sinasabi at ginagawa ng mga ito.

“Hindi ako magaling magsinungaling, Sari,”
aniya.

“Bahala ka. Sabihin mo kay Marc ang gusto mong sabihin. Pero sasama akong magbakasyon kay Duane!”

3

Ang tatlong araw na bakasyon ni Sari ay naging pito, at ngayon nga ay sampung araw na itong wala. Humupa na ang kaba ni Rio dahil kahit isang beses ay hindi tumawag si Marc. Kaya naman talagang nasindak siya nang pag-uwi niya para mananghali nang araw ng Huwebes ay maabutang naghihintay ang lalaki na makapasok ng gate nila.

“Nasaan si Sari?” bungad nito. Parang naulit lang ang una nilang pagtatagpo.

“Ang huling alam ko ay may assignment siya sa Thailand. Pero bukod d’un ay wala na siyang sinabi sa ’kin,” nakuha niyang sabihin.

“Magtatanong ako ulit at ayoko nang makarinig ng kasinungalingan. Nasaan ang pinsan mo?”

“Hindi ko talaga alam, Mr. Verdadero.” Tinitigan niya ito. “Bakit hindi mo subukang tawagan ang agency niya?”

Ngumisi ito. “Nagawa ko na. Kaya alam kong *hindi* assignment ang ipinunta niya sa Thailand.” Diniinan nito ang salitang ‘hindi’. “Sino’ng kasama niya d’un?”

“Alam mo, gutom na ako. Gusto ko sanang magpahinga muna bago bumalik sa bayan. Kung may problema kayo ni Sari, sa inyo na lang sana. Huwag n’yo na akong laging idinadamay.” Tinalikuran na niya ito at binuksan ang side entrance patungong kusina.

Pumasok siya sa kabahayan, iniwan niyang bukas ang pinto kung gusto nitong pumasok.

“Hindi na kita muling aabalahin pagkatapos nito. Basta sagutin mo lang ang itatanong ko.”

Mula sa paghahain ay tikom ang bibig na hinarap niya ang lalaki.

“Sino ang kasama niya sa abroad?”

Napabuntong-hininga siya. “Si Duane.”

“Mabuti na lang pala at hindi ako masyadong nagtiis sa States.” Bagaman nasa tono ang pagbibiro ay dama ni Rio ang lamig at galit na nakaguhit sa sinabi nito. “Mapapatay ko yata ang pinsan mo.”

Ano ba ang dapat sabihin sa isang lalaki sa ganitong scenario? O mas tama bang huwag na lang magsalita?

“Hindi niya gustong malaman mo. Alam kong ayaw niyang saktan ka,” pahayag niya.

“Tingin mo gumaan ang loob ko sa sinabi mo?”
angil nito.

Wala na. Siya ang mapapatay ni Sari pagbalik nito kapag nalaman nitong umurong na si Marc sa kasal. Napaupo siya, nakalimutan na ang gutom.

“Hindi ko alam ang puwede kong sabihin sa ’yo.”

“Bakit hindi mo subukang sabihin ang totoo?”

Napaangat ang tingin niya sa binata. Sobra na ang hinihingi nito. Naikuyom niya ang nanginginig na mga kamay.

“Nangako kang pag sinagot ko ang tanong mo ay hindi mo na ako guguluhin.”

“Iyon ay bago ko nalaman na nobyo mo pala ang kalaguyo ng fiancée ko. Matagal mo na sigurong alam na wala kang laban kay Sari pagdating kay Duane. Na may nangyayari na sa kanila. Hindi mo man lang naisip na sabihan ako?”

“Sinubukan ko, di ba? Tinanong ko kung bakit ang pinsan ko ang pakakasalan mo sa kabila ng maraming babae na siguradong gustong mapangasawa ka.”

“Sana dinerecho mo ako!”

“Maniniwala ka ba sa ’kin? Hindi kaya lalo mo

lang ipagpilitan na naiinggit ako sa pinsan ko?”

“At dahil lang sa simpleng biro na iyon ay hinayaan mo akong mapahiya nang ganito?”

Right, biro lang iyon para rito. Kahit sobrang nasaktan siya.

“Ano ito, ganti mo? Paano kung tumagal pa nang dalawang linggo ang business trip ko at natuloy ang panggogoyo sa ’kin ni Sari? Kung naikasal na kami bago ko natuklasan ang lahat? Kung hindi ko nalaman kahit kailan?” patuloy nito nang hindi siya sumagot.

“Nalaman mo na, di ba? Ano pa’ng ikinagagalit mo? At bakit sa ’kin ka nagagalit? Ako uli ang pagbubuntunan mo ng frustrations mo dahil wala dito ang pinsan ko, gan’un?”

“Kung di ka patay na patay kay Duane, naisip mo sana na magmalasakit naman kahit konti sa ibang tao.”

“Kanino? Sa ’yo? Kay Sari? Bakit, dahil may malasakit kayo na sinisira ko ang buhay ko sa pakikipagrelasyon kay Duane? Para sabihin ko sa ’yo—”

“Para sabihin ko sa ’yo, kasalanan *mo* kung bakit

nangyari ito. Hindi ka magandang impluwensya kay Sari. *Ikaw* ang dahilan kaya nagkakilala sila ni Duane.”

Nalunok ni Rio ang sasabihin. Ipapamukha sana niya rito na pakana ng nobya nito ang lahat. Pero natural, ang mga sinabi ni Sari ang mas paniniwalaan nito.

“Kung nakausap ko lang sana si Duane,” napapikit niyang sabi. Naipatong niya ang isang siko sa mesa at inihalamos ang kamay sa mukha pagkatapos at isinubsob doon ang isang pisngi.

Nakatayo pa rin si Marc. “Hindi siya makikinig sa ’yo dahil kung di mo pa alam, ginagamit ka lang niya.”

Napasinghap siya sa nais iparating nito.

“Sa nakikita ko, kasabwat ka nila. Kinunsinti mo ang nobyo mo, tuloy pati ako ay nawalan ng mapapangasawa.”

“H-hindi ba puwedeng patawarin mo na lang si Sari? Mahal mo pa naman siya, di ba? Ganoon ba kadaling mawala ang pagtingin mo sa kanya? Dahil lang sa—”

“Mahal? Kung nagkataong asawa ko na ang

pinsan mo at may anak na kami at saka siya nagloko, baka sakaling napagbigyan ko pa siya. Pero dahil kakaunti pa lang ang puhunan ko sa kanya at hindi ako sigurado sa tinatawag mong pagmamahal, sinisiguro ko sa 'yo na hindi ko siya mapapatawad. At talagang pagbabayaran niya ang ginawa niya sa 'kin."

"Kasalanan ba ni Sari kung ma-realize niya na si Duane talaga ang gusto niya? Bakit hindi ka na lang magpasalamat na hindi pa kayo kasal nang matuklasan mo 'to? Marami pa namang ibang babae. Mas maganda, mas mamahalin ka, mas magtatapat sa 'yo."

"Pero hindi lahat ng babae ay may utang sa 'kin na sampung milyong piso."

"Sampung... Sinasabi mo bang may utang sa 'yo na ganoon kalaking halaga si Sari?" Napagpatong niya ang mga kamay sa kandungan niya dahil sa pagkabigla sa narinig.

Naupo ang lalaki sa tabi niya. "Oo, may pinirmahan siyang kontrata para sa isang... sabihin na nating hindi mainstream na pelikula. Nagkakilala kami dahil ang pre-filming celebration ay ginanap sa isang resort na bibilhin ko sana nang mga panahong iyon. Well, umatras siya, pero huli na. Nakapagbigay na ng five million pesos na downpayment ang

executive producer sa kanya.

“Ibinibigay niyang collateral ang titulo ng bahay at lupang ito, pero hindi tinanggap ng producer. Wala nang maibalik na pera si Sari. Inamin niya sa ’kin na she had made some bad investments, bukod sa may sinusuportahan siyang pamilya—kayo nga. Nakita ko silang nagtatalo and I opened my checkbook. The rest, as they say, is history.”

Nanuyo ang lalamunan niya, hindi makapaniwalang napakalakas ng loob ni Sari para itaya ang sinisilungan nila dahil lang sa mga kapritso nito. Sapagkat natitiyak niyang sa mga kapritso nito napunta ang malaking bahagi ng pera. Bad investments, sabi nga ng lalaki.

“I-ibig mo bang sabihin, hawak mo ang titulo ng bahay at lupa namin? K-kelan mo k-kami palalayas—”

“Puwede ba, Rio? That’s the least of my problems. Tingin mo may makukuha ako kung paaalisin ko kayo rito bukod sa isumpa ako ng angkan mo habambuhay? No offense, pero kahit matibay itong bahay n’yo, ang pinakamataas na presyo nito siguro ay nasa three hundred thousand. Ang kailangan ko ay mapapangasawa,” tila gigil na sabi nito. “Kaya lang nasa akin ang titulo ng bahay at lupa ay para masiguro ko na tutupad ang pinsan mo sa kasunduan.

Pero sumira pa rin siya.”

“A-ano ba talaga ang kasunduan n’yo ni Sari?” nag-iinit ang mga pisngi niyang tanong. Pinilit niyang iiwas ang mga mata rito. “Bakit kailangan mo ng asawa?”

“May hotel na dating pag-aari ang pamilya namin, ang *El Real Hotel*. Naibenta iyon nang panahong bumagsak ang kabuhayan namin. Sa akin ipinagkatiwala ni Lolo na mabawi iyon. Gusto kong magawa iyon habang malakas pa ang lolo ko, habang hindi pa siya nagiging makakalimutin. Habang malinaw pa sa kanya na naibalik iyon sa amin.”

“Ano’ng kinalaman n’un sa pagkakaroon mo ng asawa? Sa pagpapakasal n’yo ni Sari?”

Napapalatak ito. “Well, konserbatibo ang pananaw ng present owner ng hotel na si Don Abrigo. Naniniwala siya na nakokompleto lamang ang isang lalaki kapag mayroon na itong pamilya. Isa lang ang pinakamahigpit kong kalaban sa bidding. At pareho pa kaming walang asawa.”

“Alam ba ni Sari ang tungkol dito?”

Napatitig sa kanya ang kausap. “Hindi. Hindi ko ito nasabi sa kanya,” pag-amin nito pagkaraan ng ilang saglit.

“So pinaniwala mo lang pala si Sari na habambuhay ang magiging pagsasama n’yo? Iyon pala hanggang mabawi mo lang ang hotel ninyo!” sumbat niya.

“Listen, kung nagpakatino ang pinsan mo, wala sana akong ganitong problema ngayon. Siguro nga kaya siya ang pinili ko ay dahil may utang na loob siya sa ’kin—”

“Utang na loob? Baka totoong utang ang gusto mong sabihin. Gaano lang ba sa ’yo ang limang milyon? Ang sampung milyon? Kaya ba si Sari ang gusto mong pakasalan? Para kapag iniwan mo siya, eh, hindi siya makapaghabol? Anong klase kang lalaki? Kung kilala ko iyang si Don Abrigo, ako mismo ang magsasabi sa kanya na huwag kang piliin kahit pa sampung doble ang ibabayad mo para sa dati ninyong hotel kumpara sa kakompetensya mo,” mayabang na sabi niya.

“Okay, alam kong galit ka dahil sa ginawa ng pinsan mo at ng nobyo mo, pero sana maisip mo na agrabyado rin ako dito.”

Napasandal siya sa upuan nang marinig iyon. Ang alam nga pala nito ay boyfriend niya si Duane. Hindi rin niya ito masisi. Kung bakit kasi nagsinungaling pa siya at nagmalaki rito na mayroon siyang nobyo

kahit wala naman talaga.

“Kahit pigain mo pa ako dito, wala akong ibabayad sa 'yo, Mr. Verdadero.”

“Pero hindi nga bayad ang kailangan ko.”

“Puwes, wala akong maitutulong.”

“Nagbago na ang isip ko. Hindi na si Sari ang gusto kong pakasalan.”

“Mabuti naman natauhan ka na.” Parang nabunutan siya ng malaking tinik sa dibdib.

“Tayo na lang ang magpapakasal.”

“Ang s'abi ko'y natauhan, hindi nasiraan!”

Natawa ito. “Ano'ng nakakagulat sa sinabi ko? Bakit? Nakukulangan ka pa sa 'kin? You could do worse,” tuya nito.

“I can do better,” pagmamalaki niya, bagaman sa sarili ay alam na hindi iyon totoo. “Makinig ka, please, Marc, galit ka lang. Nasaktan ang ego mo. Naniniwala na ako ngayon kay Sari na imposibleng masaling iyang puso mo.”

“So pinag-uusapan n'yo pala ako?” nakangising tanong nito.

“Hindi sa paraang iniisip mo. Hintayin mo ang tawag ni Sari pagbalik niya. Mag-usap kayo. Maaayos n’yo pa ito. Pareho kayong praktikal na tao. Siguradong magkakasundo kayo. Kailangan mo ng asawa para sa hotel. Kailangan ka niya dahil...”

“Dahil ano? Dahil kaya kong sundin ang layaw niya? Bakit hindi mo ituloy?”

“Marc, umalis ka na. Babalik pa ako sa trabaho. At sa lahat ng nalaman ko, biglang sumama ang pakiramdam ko.” Nanlumo si Rio, hindi niya alam kung dahil gumuho ang pagkakilala niya sa karakter ng lalaki.

“Kailangan nating mag-usap kung magpapakasal tayo,” seryosong saad nito.

“Kayo ni Sari ang dapat mag-usap. Kayo ang dapat magpakasal. Galit ka lang. Mawawala din iyan pag nagkita kayo, sigurado ako.” Pumait ang bibig niya sa naisip.

“Bakit ko gugustuhing pakasalan pa ang pinsan mo? Pagkatapos ng kalokohan niyang ito? Now that I think of it, baka nga mas pabor pa kung ikaw ang pakasalan ko. Don Abrigo would commend someone like you, marunong sa bahay, sa kusina, hindi gaanong maganda. Pampamilya—mukhang inosenteng anghel

kahit ang totoo ay—”

Akala ba ng lalaking ito ay pinupuri siya nito?

“Bakit hindi ka na lang humanap ng matinong babae na puwede mong pakasalan?” asik niya.

“Inaamin mo na bang hindi ka matino?”

Nagtagis ang mga ngipin niya sa pagpipigil na sagutin ito.

“Bakit kailangang ako pa, Marc?”

“Dahil kung ibang babae ang pakakasalan ko, kung gaya ng isinusuhestyon mong mas maganda at mas mayaman, magagalit nga siguro si Sari, pero sandali lang. Pero kung ikaw, habambuhay niyang pagsisisihan ang ginawa niyang panloloko sa 'kin.”

“At palagay mo, mapipilit mo akong magpakasal sa 'yo pagkatapos mong sabihin iyan? You're crazy! Tinatakot mo ako!”

“Okay. Dadaanin kita sa pakiusap. I need you. Isang buwan buhat ngayon ay isasagawa ang bidding at iyon ang main reason kung bakit bumalik ako nang maaga. Ayokong matali habambuhay, iyon ang totoong dahilan. Alam kong kung sino ang may utang, siya ang dapat magbayad.

“Pero nawalan na ako ng gana sa pinsan mo. Wala na akong tiwala sa kanya. At kailangan kong pagtiwalaan ang taong kasama ko para maisakatuparan ang mga plano ko. Nakikita kong hindi maniniwala si Don Abrigo kung si Sari ang ihaharap kong asawa,” litanya nito.

“At maniniwala siya na isang ordinaryong kagaya ko ang napili mo, gan’un?”

“Oras na mapasaakin ang hotel, malaya ka na. I won’t make any demands on you. Kasal lang ito sa papel.”

“Walang divorce sa Pilipinas, baka nakakalimutan mo.”

“Sa abroad tayo magpapakasal kung kailangan.”

Napailing siya. Inakala ng lalaki na pagtangga pa rin iyon. Dinagdagan nito ang pang-akit.

“Tatanggap ka ng regular allowance galing sa ’kin. Nabanggit ni Sari na pangarap mong magdoktor. Matutulungan kita. Pag-aaralin kita pag hiwalay na tayo. Susuportahan kita at ang pamilya mo kahit wala na tayong kaugnayan.”

Napatingin siya sa kausap. Natawa siya nang mapait.

“Hindi na. Basta pagkatapos nating maghiwalay, sana hindi na tayo magkita. At ituring mo na rin na bayad na si Sari sa lahat ng pagkakautang niya sa ’yo. Hawakan mo na lang ang titulo ng bahay at lupa para sa ’kin. Para matiyak kong hindi ito mawawala sa ’min ng lola ko.”

“Done.” Inilahad nito ang kamay.

Sa pagkakataong ito ay tinanggap niya iyon. Pero hindi niya pa rin magawang ngumiti.

“Ano pala ang buong pangalan mo?” tanong nito.

“Bakit?” Kung naiba ang sitwasyon ay baka natawa siya. Inalok muna siya ng kasal bago itinanong ang pangalan niya.

“Kailangan kong kumuha ng bagong marriage license.”

“Ah. Rosario. Rosario Estrella,” wala sa loob na tugon niya.

“Niloloko mo ba ako?” naniningkit ang mga matang tanong nito. Blangko ang tingin na isinagot niya rito.

“Pangalan iyon ng pinsan mo,” dugtong nito.

“Well, para sabihin ko sa ’yo. Nauna ako. Or mas

tamang sabihin, nauna ang lola ko. Tatlo kaming Rosario Estrella sa pamilya. Si Lola Rose, ako, at si Sari.”

Napamaang ang lalaki pero mabilis ding nakabawi. “Kailan ang birthday mo?”

“March 7. At bago mo itanong, oo, ka-birthday ko rin si Sari at magkasing-edad din kami. Nauna lang akong ipanganak sa kanya nang ilang oras. Sa Manila siya ipinanganak, ako dito sa probinsya. Late ang balita kaya nang magkaalaman, pareho pala ang pangalan namin.” Napansin niyang nakakunot-noo ang lalaki.

“Pareho din ba pati middle name n’yo?”

“Thankfully, hindi, although pareho pati initials namin. Yambao ang middle name niya. Ylanan ang sa akin.”

Natawa ito nang pagak. “Nagsasabi ka ba ng totoo?”

“May mapapala ba ako kung magsisinungaling ako sa ’yo? Alam mo, Mr. Verdadero, maiintindihan ko kung gusto mong bawiin ang alok mong kasal. Hindi ko naman—”

“No, Rio. Nagkakamali ka. May natuklasan lang

ako.” Naging maaliwalas ang pagkakangiti nito. “It seems na hindi ko na kailangang kumuha ng panibagong marriage license. Ang birth certificate na ibinigay ng pinsan mo para makuha ko iyong naunang lisensya ay sa ’yo.”

Tinakasan ng kulay ang mukha niya. “No!” napapailing na sabi niya. “Hindi iyon magagawa ni Sari sa ’kin!”

“Well, I have news for you. Ginawa na niya. If it’s by mistake or design, hindi na mahalaga. It looks like *ikaw* talaga ang nakatadhanang makasal sa ’kin. You need me now more than ever. Dahil hindi na ako magtataka kung pangalan mo ang ginagamit niya sa mga kontratang pinipirmahan niya. At least, while you’re married to me, mababago ang apelyido mo.”

Gamit ang lumang cellphone ni Sari na laging iniwan nito sa kanya, nag-text siya kay Karin na hindi na siya makakabalik sa clinic nang araw na iyon at bahala na itong magsabi kay Dra. Lozano. Nag-init siya ng beef steak at inanyayahan si Marc na saluhan siya matapos sumandok ng mainit na kanin galing sa rice cooker. Ipinagsalin niya ito ng iced tea galing sa glass pitcher.

“Ikaw ang nag-prepare ng steak?”

“May nakikita ka bang ibang gagawa bukod sa 'kin?”

“Ang s'abi ni Sari, may katulong kayo.”

Napatangu-tango lang siya.

“Masarap itong hinanda mo,” pagkuwan ay sabi nito. “Nas'an na iyong katulong n'yo?”

Nasa harap mo, gusto niya sanang sabihin. “Nag-resign na. Kung tapos ka na, ililigpit ko lang ito. Doon ka muna sa sala at manood ka muna ng TV.”

“Ano ako, bata?” tanong nito.

“Yes. A vengeful child,” tuya niya.

Napahalakhak ito. “Hindi na. Panonoorin na lang kitang magligpit.”

“Ganyan ba talaga kayong mga boss?”

“Sinabi rin ba sa 'yo ni Sari ang trabaho ko?”

“No. In-assume ko lang.” Pinagpatong niya ang mga plato at dinala iyon sa lababo. Hinayaan niya sa mesa ang mga baso nila na may laman pang inumin.

May naulinigan siyang boses sa labas. Itinigil niya ang ginagawa at nilingon ang lalaki.

“Maupo ka lang diyan. Dumating na yata ang mga magulang ni Sari.” Bago pa siya nakalabas ng pinto para salubungin ang mga bagong dating ay nakapasok na ang mga ito.

Nagmano siya sa matatanda.

“O, Rio, Hija, kumusta ka?” ani Lola Rose. Ito ang unang pumasok. Saka lang nito napansin ang ‘bisita’ nila. “Ah, sino ang batang iyan? Manliligaw mo, Rio?”

“Ah...” Hindi niya alam kung ano ang isasagot.

Tumayo ang lalaki at lumapit sa kanila. Nagmano rin ito sa matanda. “Magandang hapon po. Ako ko po si Marc Verdadero. Nobyo po ako ng apo ninyo.”

“Noby?” mataas ang tinig na sabat ng Tita Marisa niya. “Kailan ka pa nagkanoby, ha, Rio?”

Nakita niyang umarko ang kilay ni Marc. Alam niyang lalong nabuo sa isip nito ang ‘pagtatago’ niya kay Duane.

“Ah, Lola, maupo muna kayo.” Inakay niya ang abuela.

Maagap itong naalalayan ni Marc patungo sa inupuan kanina at doon nila ito tinulungang pumuwesto.